Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 4 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 02 PEBRERO 2009, 9:45 NG UMAGA SA SITIO DALALIGAN, BARANGAY SAN JOSE.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin I. Cusi
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar -Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento -Mun. SK Federation

Absent: Konsehal Cesar T. Baticos

KAPASYAHAN BLG. 002
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG BARANGAY AT LAHAT NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BARANGAY SA KANILANG MAINIT NA PAGTANGGAP AT PAKIKIISA SA GINANAP NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN SA BARANGAY MABUHAY.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagdaos ng kanilang regular na pagpupulong sa Barangay Mabuhay noong Enero 19, 2009 bilang tugon upang mailapit ang Pamahalaang Bayan sa mamamayan ng barangay;

SAPAGKA'T, ang bumubuo ng Sangguniang Barangay ng Mabuhay sa pamumuno ni Kgg. Juancho Silanga bilang Punong Barangay kasama ang kanilang mga kawani ay nagpamalas ng pakikiisa at mainit na pagtanggap sa isinagawang pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Roxas sa kanilang barangay;

SAPAGKA'T, sa ipinakitang kakayahan ng Sangguniang Barangay ng Mabuhay na tumulong sa Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng maayos na talakayan at palitan ng kuro-kuro upang maresolba ang mga suliranin sa barangay ay umani ng paghanga at pasasalamat sa bumubuo ng Sangguniang Bayan;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Napoleon M. Dimapilis na sinang ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa bumubo ng Sangguniang Barangay at lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Barangay sa kanilang mainit na pagtanggap at pakikiisa sa ginanap na regular na pagpupulong ng Sangguniang Bayan sa Barangay Mabuhay.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Barangay ng Mabuhay sa pamumuno ni Punong Barangay Juancho Silanga para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay ng lahat : 02 Pebrero 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/020209